**Tala: 1**

Cesarean na Panganganak(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052414

Abstract: Sa cesarean na panganganak (C-section), ipinapanganak ang sanggol sa pamamagitan ng hiwa sa tiyan at matris (bahay-bata) ng ina. Sa US, 15%-40% ng lahat ng mga panganganak ay ginagawa sa pamamagitan ng C-section.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Cesarean na Panganganak


**(C-Section)**
ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

## Kahulugan

Sa cesarean na panganganak (C-section), ipinapanganak ang sanggol sa pamamagitan ng hiwa sa tiyan at matris (bahay-bata) ng ina. Sa US, 15%-40% ng lahat ng mga panganganak ay ginagawa sa pamamagitan ng C-section.

**Cesarean na Panganganak**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Tiyan
- Matris

## Mga Dahilan para sa Proseso

Ang sumusunod na sitwasyon ay maaaring mangailangan ng C-section:

- Malaking sanggol
- Mga kondisyong medikal ng ina (halimbawa diabetes , alta presyon , impeksiyon ng herpes )
- Placenta previa —binabarahan ng placenta (ang organ na nagdurugtong sa ina at sanggol) ang

daanang palabas ng matris
- Pagsilang nang maramihan
- Pagkabigong matuloy ang paghihilab ng tiyan —tumitigil ang paghilab ng tiyan bago pa maipanganak ang sanggol
- Kalusugan ng sanggol—nagpapakita ang sanggol ng mga palatandaan ng paghihirap, gaya ng lumalalang di-normal na tibok ng puso habang ipinapanganak
- Naunang panganganak ng cesarean—sa ilang mga kaso pagkatapos ng isang cesarean na panganganak, mas mabuting ipanganak ang iba pang mga sanggol sa pamamagitan ng cesarean
- Fetal anomalies—mga problema ng fetus na nasuri sa panahon ng pagbubuntis

Ang mga antas ng cesarean ay maaaring maimpluwensiyahan ng mga di-medikal na salik kabilang ang:

- Indibidwal na pilosopiya at pagsasanay
- Kaginhawaan ng doktor o pasyente
- Estadong panlipunan ng pasyente
- Panggigipit ng mga kaibigan
- Takot sa paglilitis
- Pinansyal na pakinabang

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Madalas na hindi pinaplano ang C-section at nangyayari lamang kapag nagkaproblema.

## Anesthesia

Magkakaroon ka ng general o regional anesthesia (halimbawa epidural o spinal block ). Pinipili ng maraming mga babae ang regional anesthesia kaya gising sila at nakikita kaagad ang kapapanganak na sanggol.

## Habang Proseso

- Huhugasan ang iyong tiyan at aahitan bago ang operasyon
- Ilalagay ang isang catheter (tubo) sa iyong pantog upang tanggalin ang laman nito
- Ilalagay ang isang maliit na tubo sa ugat sa iyong braso o kamay upang magbigay ng mga likido at gamot habang ginagawa ang operasyon

## Paglalarawan sa Proseso

Gagawa ang doktor ng mga hiwa sa tiyan at matris upang ilabas ang sanggol.

- Mayroong dalawang magkaibang uri ng mga hiwa sa balat: patayo o pahalang
- Mayroong tatlong iba't ibang uri ng mga hiwa sa matris:
  - Low transverse incisions—pinaka-karaniwang uri, kadalasang mas kaunti ang pagdurugo, bumubuo ng mas matibay na mga peklat, at nagdudulot ng mas kaunting panganib sa pagbuka sa mga paghihilab sa hinaharap
  - Classical incisions (mataas na mga hiwang patayo)—iniuugnay sa pinakamataas na panganib sa pagdurugo at pagbuka ng matris sa hinaharap, ginagamit lamang sa mga sitwasyon ng emergency
  - Low vertical incisions—ginagamit upang ilabas ang sanggol na nasa delikadong posisyon o kung kailangang maging classicial incision ang hiwa

Isasara ang matris ng mga tahi na sa kalaunan ay kusang matutunaw. Gagamitin ang mga tahi o staple upang isara ang tiyan.

## Pagkatapos ng Proseso

Susuriin kaagad ang sanggol ng isang kawaning medikal. Depende sa iyong kondisyon at ng iyong sanggol, maaaring payagan kang hawakan ang sanggol.

## Gaano Katagal Ito?

45-60 na minuto

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anestisya ang sakit habang inooperahan. Maaaring makaramdam ka ng ilang puwersa at paghila habang binubuksan ang matris at tinatanggal ang sanggol at placenta. Tatanggap ka ng mga gamot sa pananakit pagkatapos upang maibsan ang pananakit.

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

2-4 na araw

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Maaaring kailanganin mo ng mga gamot pangontra sa pagduduwal at pananakit
- Ilang araw pagkatapos ng operasyon, kailangan mong kumain ng mas kaunti, matabang na diyeta kaysa karaniwan
- Maaaring bigyan ka ng mga special compression stocking upang bawasan ang posibilidad ng pamumuo ng dugo sa iyong binti.
- Para sa kalusugan ng baga, maaaring hingin sa iyong gumamit ng incentive spirometer upang huminga nang malalim at umubo nang madalas
- Hihikayatin kang maglakad sa lalong madaling panahon pagkatapos ng operasyon
- Makakaranas ka ng malakas na pagdurugo sa puwerta, gaya sa anumang panganganak, at kakailanganing gumamit ng pasador.
- Iwasan ang pagbubuhat ng anumang mas mabigat kaysa sa iyong sanggol sa ilang unang linggo pagkatapos ng operasyon
- Ipagpaliban ang pakikipagtalik hanggang tapos na ang iyong 6-linggong eksaminasyon
- Hinihikayat ang pagpapasuso

**Mga panganib**
Ang cesarean na panganganak ay isang malaking operasyon at sangkot ang mga panganib. Ang tinatantiyang panganib na mamatay ang babae pagkatapos ng cesarean na panganganak ay mas mababa sa isa sa 2,500 (ang panganib sa pagkamatay pagkatapos ng panganganak sa puwerta ay mas mababa sa isa sa 10,000). Kasama sa iba pang mga panganib ang:

- Impeksiyon—maaaring magka-impeksiyon ang matris o kalapit na mga pelvic organ, gaya ng pantog o mga bato
- Tumaas na pagkawala ng dugo—ang karaniwang pagkawala ng dugo ay humigit-kumulang dalawang beses na mas marami sa cesarean na panganganak kaysa panganganak sa puwerta
- Nabawasang pagganap ng bituka—minsan ay bumabagal sa paggawa ang bituka nang ilang araw pagkatapos ng operasyon, na humahantong sa pagbinat, pamamaga, at kawalan ng ginhawa
- Mga kumplikasyong respiratory—kung minsan ang general anesthesia ay maaaring humantong sa

pulmunya

- Mas matagal na pamamalagi sa ospital at paggaling—ang pananatili sa ospital pagkatapos ng cesarean ay 3-5, mas mababa sa 1-3 araw para sa panganganak sa puwerta
- Mga reaksiyon sa anesthesia—maaaring isapanganib ng mga di-inaasahang tugon sa anesthesia o iba pang mga gamot ang kalusugan ng ina
- Panganib sa mga karagdagang operasyon—maaaring kabilang ang hysterectomy o pagsasa-ayos sa pantog

**Resulta**

Dapat mabilis at lubusan kang gumaling pagkatapos ng C-section. Kausapin ang iyong siruhista tungkol sa uri ng hiwang ginamit at ang mga epekto nito sa mga panganganak sa hinaharap.

Maaaring kailanganin mo ng tulong na matutunan ang mga posisyon ng pagpapasuso upang hindi ka magdidiin ng puwersa sa iyong hiwa. Maaaring mapansin mo rin ang ilang pamumulikat, at pananakit ng matris, at tumaas na pagdurugo sa puwerta sa simula ng pagpapasuso.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

Kung katatapos mo lang magkaroon ng cesarean section, tawagan kaagad ang iyong doktor kung ikaw ay:

- Magkalagnat
- Mahilo o manghina
- Makaranas ng pagduduwal at pagsusuka
- Mahirapan sa paghinga
- May pananakit, pamamaga, at pamumula sa bahagi ng hiwa

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052414